

PANSIN PARA SA DOKTOR

Ang sumusunod ay mga rekomendasyon sa paggamot ng mga batang may Autonomic Dysreflexia (AD)

- Paupuin ang pasyente (hanggang 90 degrees).
- I-monitor ang BP kada 2-3 min.
- Mabilisang pagsusuri na kasama ang tiyan para sa namamagang pantog / bituka at ibang organ system sa ibaba ng level ng injury na maaaring pinagmumulan ng dysreflexia.
- Kung nakalihis ang indwelling na urinary catheter, lagyan ng catheter ang indibidwal. Kung maayos ito, tingnan ang system para sa mga pilipit, yupi, paninikip, o harang.
- Kung ang systolic BP ay:
>120 sa mga batang mas bata sa 5 taon
>130 sa mga batang 6-12 taon
>140 sa mga adolescent
Magbigay ng antihypertensive na may rapid onset at short duration habang inaalam ang sanhi ng AD.
- **Nitro Paste**—1/2" (<13y) or 1" (≥13y), ipahid kada 30 min, sa itaas ng level of injury, punasan kapag stable na ang BP, muling ipahid kung kinakailangan
- **Nifedipine** (kung walang Nitro paste)—0.25-0.5mg/kg kada dosis (<13y) o 10mg kada dosis (≥13y), isirit para sa agarang pag-release sa sublingual o ipanguya sa pasyente, maaaring ulitin kada 20-30 min kung kinakailangan.
- **IV Antihypertensives**—gamitin lang kung masusubaybayan (I.C.U.)
- I-monitor ang mga sintomas at BP ng mga 2 oras matapos umatake ang AD.
- Pwedeng humantong sa kombulsyon, stroke o kamatayan ang AD!

AKING IMPORMASYON

Pangalan:

MEDIKAL NA KASAYSAYAN

Baseline na Blood Pressure:

Baseline na Temperatura ng Katawan:

Nyurolohikal na Lokasyon ng Injury:

Pangunahing Healthcare Provider

Número ng Telepono:

Mga Alerhiya:

PANG-EMERHENSYANG KONTAK

Kapag May Emerhensya, Tawagan Si:

Kaugnayan:

Número ng Telepono:

Ang lathalaing ito ay suportado ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad ng pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na \$8,700,000, at ang 100 porsiyento ng pondo ay galing sa ACL/HHS. Ang nilalaman ay mula sa [mga] may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw o pag-eendarsa ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

Pediatric Edition

AUTONOMIC DYSREFLEXIA (AD)



ANO ITO:

Ang blood pressure ay ang sukat ng kung gaano kabuti ang padaloy ng dugo mula sa puso tungo sa iba't ibang bahagi ng katawan. Naaapektuhan ng Autonomic Dysreflexia (AD) ang blood pressure ng mga taong may spinal cord injury na nasa itaas ng thoracic T6 level. Naguguluhan ang kanilang katawan kapag may nakakasama o nananakit at hindi nila matukoy kung ano iyon. Nagiging sanhi ito ng pagkataranta ng kanilang katawan at pagtaas ng blood pressure. Delikado kapag tumaa nang husto ang blood pressure. Mahalagang malaman kung ano ang nagpapataas at dapat mapuksa ito. Peligroso kung hindi ito maaayos at maaaring lumala ang lagay ng pasyente.

Ang Autonomic Dysreflexia ay Medikal na Emerhensya!

MGA KARANIWANG SANHI:

- Punong pantog
- Punong bituka/pagktibe
- Mga sugat
- Mga baling buto
- Mga paso ng balat
- Mga impeksyon
- Mga ingrown na kuko sa paa
- Anumang kondisyon o paraan na nakakapagdulot ng pananakit o paghihirap ngunit si ibaba ng nyurolohikal na level ng injury.



SA ITAAS NG LEVEL OF INJURY

- Hypertension (*Mabilis na pagtaas ng blood pressure, 15 mm Hg systolic na mas mataas kaysa sa karaniwan sa mga bata at 15-20 mm Hg systolic na mas mataas kaysa sa karaniwan sa mga adolescent*)
- Bradycardia (*mabagal na tibok ng puso*) o Tachycardia (*mabilis na tibok ng puso*)
- Matinding pananakit ng ulo
- Pagkanerbiyos/pag-aalala/pagkatakot
- Mapulang pisngi/leeg/balik
- Malabong paningin
- Baradong ilong
- Pamamawis
- Pangangilabot
- Pangangilig

SA IBABA NG LEVEL OF INJURY

- Sinisikmura, parang nasusuka
- Pagkaligkig nang walang lagnat
- Pagpapawis nang malamig
- Malamig-lamig
- Maputla

- ☐ **Umupo**— Umupo o iangat ang ulo nang 90 degrees.

MAHALAGA: Manatiling nakaupo o tuwid hanggang sa bumaba ang blood pressure.

- ☐ **Alisin**— Alisin o luwagan ang anumang masikip o nakakapigil.

- ☐ **Bantayan ang blood pressure**— Kunin ang iyong blood pressure kada 5 minuto kung mas mataas pa rin ito kaysa sa normal (15 mm na mas mataas kaysa sa karaniwan pressure Hg sa mga bata, at 15-20 mm Hg na mas mataas sa karaniwang pressure sa mga adolescent). Tiyaking gumagamit ng angkop na laki ng cuff.

- ☐ **Bantayan ang pantog**—Umihi (ibig sabihin, magpalagay ng catheter). Kung mayroon kang indwelling catheter, tingnan kung may pilipit o harang.

- ☐ **Subaybayan ang sikmura**—Subaybayan ang sikmura pagkatapos maglagay ng jelly o ointment.

- ☐ **Suriin ang balat**— suriin ang balat para sa mga bagong sugat, paltos, pasa, paso, bukol, hiwa, mga kagat ng insekto, atbp.

- ☐ **Humanap ng ibang pinagmumulan**— Alamin kung ano pa ang nakakasakit sa iyo kung hindi bubuti ang mga sintomas.

- ☐ **Humanap ng tulong**—Kung hindi mapapabuti ang mga sintomas nang mag-isa, tawagan ang iyong doktor para sa karagdagang tulong o pumunta sa pinakamalapit ninyong emergency room.

MAHALAGA: Sabihin sa staff na maaaring may dysreflexia ka, na kailangan mong ipasuri ang iyong blood pressure, na kailangan mong manatiling nakaupo, at kailangang malaman ang sanhi ng problema.



International Center for Spinal Cord Injury
at Kennedy Krieger Institute
Research. Restoration. Recovery.



636 Morris Turnpike, Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
Phone: 800-539-7309
www.ChristopherReeve.org

707 North Broadway
Baltimore, MD 21205
Phone: 443-923-9230
www.spinalcordrecovery.org